

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Inaaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang Ordinansa sa Mandatoryong Pagtatakip ng Mukha**

### ***Isang milyong mga hindi medikal na mask ay ipamimigay sa mga residente ng Brampton***

BRAMPTON, ON (Hulyo 9, 2020) – Simula sa Biyernes, Hulyo 10, ang mga hindi medikal na mask o mga takip ng mukha ay iniutos sa mga panloob na pampublikong espasyo sa Brampton para makatulong sa pagpigil ng pagkalat ng COVID-19.

Kasunod ng payo mula sa Peel Public Health, ipinasa kahapon ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang Ordinansa ng Brampton sa Mandatoryong Pagtatakip sa Mukha sa COVID-19, na mananatiling may-bisa hanggang sa Oktubre 1, 2020. Para suportahan ang komunidad sa hakbang na ito, magpapamigay ang Lungsod ng isang milyong mga hindi medikal na mask sa mga residente, na mag-uumpisa sa pag-mail ng tatlong mask sa bawat sambahayan sa Brampton.

Ang pansamantalang ordinansa na ito ay mag-aatas sa mga pampublikong establisyemento at mga negosyo para matiyak na ang mga mask o takip ng mukha ay isinusuot sa mga panloob na pampublikong espasyo sa ilalim ng kanilang kontrol.

Kabilang sa mga espasyo kung saan ang mga hindi medikal na mask o takip ng mukha ay kakailanganin:

- mga retail store kung saan ang mga paninda at serbisyo ay ibinibenta sa mga customer
- mga negosyong pangunahing nagbebenta ng pagkain, kabilang ang mga restawran, supermarket, grocery store, panaderya at convenience store
- mga simbahan, moske at iba pang mga lugar na pinagdadasalan, maliban sa panahon ng panrelihiyong ritwal o seremonya na isinasagawa na hindi compatible na tinatakpan ang mukha
- mga panloob na pasilidad ng komunidad at mga pasilidad na libangan
- mga shopping mall o katulad na istruktura na naglalaman ng maramihang mga lugar ng negosyo
- mga negosyo na nagbibigay ng mga serbisyonang pampangangalagang personal
- mga karaniwang lugar sa mga hotel at motel at iba pang pangmaikling panahon na mga akomodasyon
- mga aklatan, museyo, gallery at iba pang katulad na mga pasilidad
- mga banquet hall, mga convention center, arena, istadyum at iba pang mga espasyo ng event
- mga concert venue, teatro, sinehan, casino o iba pang panlibangang mga establisyemento
- mga premise na ginagamit bilang isang open house, pampresentasyong center, o iba pang mga pasilidad para sa mga layunin ng real estates
- Personal na Sasakyan na Ginagamit na Transportasyon sa Kumpanya na pinapatakbo sa loob ng Lungsod ng Brampton
- Mga gusali na pinapatakbo ng Munisipalidad
- iba pang mga negosyo, mga organisasyon at mga lugar na o maaaring pahihintulatang mag-operate ayon sa mga Kautusang Pang-emergency.

Ang mga indibidwal at negosyo na hindi sumusunod sa ordinansa na ito ay maaaring mamumultahan ng pinakamababa \$500 at pinakamalaki hanggang \$100,000 para sa bawat paglabag.

Ini-exempt ng ordinansa ang ilang indibidwal, kabilang na ang mga hindi maaaring magsuot ng mask o takip ng mukha dahil sa mga medikal na dahilan; mga batang wala pang dalawang taong gulang; mga indibidwal na kasama sa isang atletik na gawain ayon mga Kautusang Pang-emergency at mga indibidwal na kumukonsumo ng pagkain o inumin sa isang pinapayagang panloob na establisyemento (kapag pinapayagan ng Lalawigan na muling bubuksan ang panloob na pagkain). Para sa isang kumpletong talaan, bisitahin ang [brampton.ca/masks](http://brampton.ca/masks).

Simula Hulyo 2, ang mga hindi medikal na mask ay mandatoryo sa lahat ng bus at mga terminal ng Brampton Transit.

Ang pagsusuot ng mga hindi medikal na mask o mga takip ng mukha ay isa sa apat na sentrong pampigil na aksyon na binalangkas ng Peel Public Health. Ang tatlong iba pang aksyon ay pananatiling malayo, paghuhugas ng mga kamay o paggamit ng hand sanitizer, at pagpapasuri kung sa palagay mo ay maaaring meron kang COVID-19 o nalantad dito. Bisitahin ang [peelregion.ca/coronavirus/core-four/](http://peelregion.ca/coronavirus/core-four/). Para malaman ang higit pa tungkol sa wastong paggamit ng mga hindi medikal na mask, mga takip ng mukha o iba pang Personal Protective Equipment (PPE), bisitahin ang [peelregion.ca/coronavirus/prevention/](http://peelregion.ca/coronavirus/prevention/).

Ang karagdagang impormasyon at mga resource para sa mga negosyo at mga operator ng pasilidad ay makikita sa [brampton.ca/masks](http://brampton.ca/masks).

Para sa pinakahuling mga update sa tugon ng Lungsod ng Brampton sa COVID-19, bisitahin ang [brampton.ca/COVID19](http://brampton.ca/COVID19).

### **Mga Quote**

“Tulad ng narinig natin sa ating mga opisyal sa public health, ang mga mandatoryong mask ay mahalagang parte sa pagpigil ng pagkalat ng COVID-19. Para patuloy na gumalaw lampas sa virus na ito, handa tayong gawin ang lahat ng kailangang mga pag-iingat at ito ang dahilan kung bakit ang Lungsod ay mamimigay ng isang milyong hindi medikal na mask sa mga residente ng Brampton. Nahihikayat ako ng pinagsamang pamamaraan sa pagsusuot ng mask sa buong GTA, at alam na ang ating mga residente sa Brampton ay patuloy na gagawin ang kanilang parte sa pag-una at pagprotekta sa kalusugan at kaligtasan ng komunidad.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Nakita natin ang mga resulta ng mga pagsisikap ng ating komunidad habang umaabante ang ating Lungsod sa Yugto 2 ng muling pagbubukas ng lalawigan. Kailangang magpatuloy ang pagsisikap na ito. Maaari tayong umabante sa ating daan tungo sa pagbangon sa pamamagitan ng pagsunod sa payo ng ating mga lokal na eksperto sa kalusugan tungkol sa mga aksyon tulad ng mandatoryong paggamit ng mga hindi medikal na mask sa mga panloob na espasyo.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Pinuno, Working Group ng Mayor sa Muling Pagbubukas at Pagbangon, Lungsod ng Brampton*

“Habang nagpapatuloy ang Lungsod na dahan-dahang muling magbukas at ligtas na muling ibinabalik ang mga serbisyo, gumagawa tayo ng aksyon sa bawat pagkakataon na makakatulong sa pagpigil sa pagkalat ng COVID-19. Ang pagsasa-mandatoryo sa mga hindi medikal na mask ay para sa pinakamabuting kapakanan ng ating komunidad at ekonomiya, at gagawin natin ang lahat para suportahan ang ating mga empleyado, residente at negosyo habang pinasisimulan ito sa buong lungsod.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)